



Form sa Reklamo sa Hindi Pandidiskrimina ng Titulo VI ng Sound Transit

Responsable ang Sound Transit para sa pagusunod at pagsubaybay sa mga karapatang sibil, kung saan kasama ang pagtiyak na ang mga contractor na nagbibigay ng mga serbisyo sa aming ngalan ay sumusunod sa Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 na pumoprotekta sa mga indibidwal laban sa diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, o bansang pinagmulan.

Kung naniniwala ka na nadiskrimina ka dahil sa iyong lahi, kulay, o bansang pinagmulan, may karapatan kang maghain ng reklamo sa Sound Transit sa loob ng 180 araw mula sa naturang insidente. Para sa mga reklamong ihahain nang higit sa 180 araw pagkalipas ng naturang insidente, susuriin ng Sound Transit kung posible pa ang isang imbestigasyon.

Susuriin ng Sound Transit ang mga paratang ng maghahain ng reklamo kung mayroon ditong mga posibleng paglabag sa mga karapatang sibil sa batayan ng edad, kapansanan, relihiyon, o kasarian. Kung may mga matutukoy na paglabag, iimbestigahan ang mga ito sa paraang katulad ng itinatakda sa Proseso ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Titulo VI ng Sound Transit.

Para magrehistro ng pormal na reklamo batay sa kapansanan sa ilalim ng Americans with Disabilities Act, maaari mong gamitin ang sumusunod na form: [form sa reklamo sa ADA](#).

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka sa mga dahilang hindi sinasakop ng Titulo VI, mangyaring makipag-ugnayan sa linya ng serbisyo sa customer sa 1-888-889-6368.

PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Opsyon #1: Sagutan ang Form sa Reklamo ng Titulo VI at isumite ang *nilagdaan* na Form sa Reklamo:

Sa pamamagitan ng KOREO O	Sa pamamagitan ng EMAIL
Sound Transit Office of Civil Rights, Equity and Inclusion Union Station, 401 South Jackson St. Seattle, Washington 98104-2826	stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org

Opsyon #2: Tumawag sa Linya ng Reklamo ng Titulo VI sa 206.689.3302 at mag-iwan ng mensahe kasama ang sumusunod na impormasyon.

- Pangalan
- Petsa at oras ng tawag
- Maikling paglalarawan ng insidente (isama ang petsa at tinatayang oras ng insidente)
- Ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at ang pinakamainam na oras para makipag-ugnayan sa iyo

May tatawag sa iyo mula sa opisina ng Titulo VI sa loob ng 3 araw ng negosyo.

Opsyon #3: Kung kailangan mo ng tulong sa wika, tumawag sa 1-800-823-9230. Ikkonekta ka ng aming ahente sa serbisyo sa customer sa isang interpreter at tutulungan ka niya sa pagkonekta sa opisina ng Titulo VI. Ibinibigay ang serbisyong ito nang Lunes- Biyernes mula 7AM-7PM (hindi kasama ang mga holiday sa U.S.).

Bukod pa sa mga opsyong ibinigay sa itaas, puwedeng direktang maghain ng reklamo ang isang tao sa Departamento ng Transportasyon ng U.S. (U.S. Department of Transportation) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento sa:

*U.S. Department of Transportation
Federal Transit Administration's Office of Civil Rights: Complaint Team,
East Building, 5th Floor – TCR
1200 New Jersey Avenue, SE
Washington, DC 20590*

Telepono: 888-446-4511

Sound Transit

Form sa Reklamo sa Diskriminasyon ng Tituto VI

Seksyon I:		
Pangalan:		
Mga Panghalip (siya/kanya, sila/kanila, atbp.). Opsyonal ang tanong na ito.		
Mailing Address:		
Telepono (Bahay at/o Cell Phone):	Telepono (Alternatibo):	
Electronic Mail (e-mail) Address:		
Pinakamainam ng oras sa araw para makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa reklamong ito:		
<input type="checkbox"/> 7am-10am <input type="checkbox"/> 10am-1pm <input type="checkbox"/> 1pm-4pm <input type="checkbox"/> 4pm-7pm		
Mga Kailangan sa Accessible na Format?	Malaking Print <input type="checkbox"/>	Audio Tape <input type="checkbox"/>
	TDD <input type="checkbox"/>	Iba pa <input type="checkbox"/>
Mga Kailangan sa Mga Serbisyo sa Wika? <input type="radio"/> Oo <input type="radio"/> Hindi	Kung oo, pakisaad ang iyong gustong wika.	
Seksyon II:		
Inihahain mo ba ang reklamong ito sa iyong ngalan?	Oo* <input type="radio"/>	Hindi <input type="radio"/>
*Kung oo ang isinagot mo sa tanong na ito, pumunta sa Seksyon III.		
Kung hindi, pakibigay ang pangalan at kaugnayan mo sa tao kung para kanino ka nagrereklamo:		
Pakipaliwanag kung bakit ka naghain para sa ikatlong panig:		
Nakuha mo ba ang pahintulot ng naagrabyadong panig kung naghahain ka sa kanyang ngalan?	Oo <input type="radio"/>	Hindi <input type="radio"/>
<i>(Hindi ito kinakailangan pero inirerekomenda ito kung posible.)</i>		

Seksyon III:

Naniniwala akong ang diskriminasyong naranasan ko ay batay sa (lagyan ng

check ang lahat ng naaangkop):

Lahi Kulay Bansang Pinagmulan (kasama ang limitadong kahusayan sa English)

Petsa ng Naturang Insidente (buwan, araw, taon):

Pakipaliwanag sa pinakamalinaw na paraang makakayanan kung ano ang nangyari at kung bakit mo pinaniniwalaang napagdiskriminahan ka. Ilarawan ang lahat ng taong nasasangkot. Isama ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng (mga) taong nandiskrimina sa iyo (kung nalalaman) pati na ang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng sinumang saksi. Isama ang anumang dokumentasyong may kinalaman sa reklamong ito.

Seksyon IV:

Ilista ang sinumang iba pang taong dapat naming tawagan para sa karagdagang impormasyon bilang suporta sa iyong reklamo. Pakisama ang kanilang mga numero ng telepono, address, email address, atbp., kung alam mo.

Ilista ang anumang iba pang ahensya (ibig sabihin, Departamento ng Transportasyon, King County Metro, atbp.) kung saan inihain mo ang parehong reklamo. Pakisama ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa taong kinontak mo.

Seksyon V:

Pangalan (lagda): _____

Petsa: _____